# Proseso ng mga Claim

### Kumpletuhin mo at ipadala ang iyong aplikasyon.

Kung sinubukan mo na ang lahat ng iba pang mga opsyon at hindi nagtagumpay, sumangguni sa amin o *bumisita sa aming website (omvic.on.ca) upang i-download ang pakete ng claim*. Siguraduhin na susundin mo ang mga tagubilin at hustong kumpletuhin ang mga pormularyo.

### Tutulungan ka naming ihanda ang iyong claim para sa Lupon ng mga Katiwala (Board of Trustees).

Sa oras na ipinadala mo na ang iyong claim, rerepasuhin namin ang iyong aplikasyon, tatasahin kung ito ay umangkop sa mga pamantayan at ihahanda ang iyong claim para sa pinakahuling konsiderasyon ng Lupon ng mga Katiwala (Board of Trustees).

### Rerepasuhin ng Lupon ng mga Katiwala (Board of Trustees) ang iyong claim.

Ang Lupon ng mga Katiwala (Board of Trustees) ay nagkikita ng ilang ulit sa isang taon upang magrepaso ng mga claim. Karamihan sa inaprubahang mga claim ay kaagad pinararangalan pagkatapos maisagawa ang isang panghuling desisyon.

### Ipagbibigay-alam sa iyo ang panghuling desisyon at ang karapatan mong mag-apila (kung kinakailangan).

Kung ikaw ay hindi sumang-ayon sa panghuling desisyon ng Lupon ng mga Katiwala (Board of Trustees), maaari kang mag-apila para rito sa isang independyenteng kinatawan na ang tawag ay Tribunal ng Lisensya ng Apila (Licence Appeal Tribunal). Sa oras na matanggap mo ang desisyon ng Lupon (Board), ipahahayag din sa iyo ang tungkol sa iyong mga karapatan sa pag-apila.

## Pondo para sa Kompensasyon ng mga Mangangalakal ng Sasakyang de Motor (Motor Vehicle Dealers Compensation Fund)

### Proteksyong Pampinansyal para sa mga Mamimili ng Sasakyan ng Ontario

Ang Pondo para sa Kompensasyon ng mga Mangangalakal ng Sasakyang de Motor (Motor Vehicle Dealers Compensation Fund) ay isang tinustusang industriya na pondo na nagbabayad sa mga mamimiling dumaranas ng pagkaluging pinansyal dahilan ng isang transaksyon sa **mangangalakal ng sasakyan na rehistrado sa Ontario**.

Ang pinakamataas na halaga na ibinabayad ng Pondo para sa Kompensasyon ng mga Mangangalakal ng Sasakyang de Motor (Motor Vehicle Dealers Compensation Fund) ay $45,000 sa bawa't transaksyon ng sasakyan.

Ang Pondo para sa Kompensasyon ng mga Mangangalakal ng Sasakyang de Motor (Motor Vehicle Dealers Compensation Fund) ay pinamamahalaan ng Konseho para sa Industriya ng Sasakyang de Motor ng Ontario (Ontario Motor Vehicle Industry Council, OMVIC), ang tagapangasiwa ng industriya sa pagbebenta ng sasakyang de motor sa Ontario.

**Motor Vehicle Dealers Compensation Fund**

## Sumangguni sa Amin


**Pondo para sa Kompensasyon ng mga Mangangalakal ng Sasakyang de Motor (Motor Vehicle Dealers Compensation Fund)**

Telepono: 1-800-943-6002 ext. 3661
Paks: 416-226-9406
Website: omvic.on.ca
Email: compfund@omvic.on.ca


# Paglulutas ng mga Problema sa Pagbili ng Isang Sasakyan sa Ontario



Ang pinakamainam na paraan upang maiwasan ang mga isyu sa pagbili ng isang sasakyan ay ang maging maalam sa mga impormasyon bago mo bilhin ito. Kung mayroon kang mga isyu sa iyong kontrata ng pagbili o ang tungkol sa pagsisiwalat ng kasaysayan ng sasakyan, maaari mong isagawa ang mga hakbanging ito.

**Motor Vehicle Dealers Compensation Fund**

# ANG IYONG GIYA NG 3-HAKBANGIN

## Hakbang 1

### Kausapin ang iyong mangangalakal tungkol sa iyong isyu

Kung sa palagay mong may isyu ka tungkol sa pagbili ng isang sasakyan, una, sumangguni sa mangangalakal na nagbenta sa iyo ng sasakyan. Ang ilang mga isyu ay simpleng mga hindi pagkakaintindihan. **Karamihan sa mga mangangalakal ay direktang kikilos kasama ka upang asikasuhin ang mga alalahanin o mga isyu** sa dahilang sila ay pinamamahalaan ng *Batas para sa mga Mangangalakal ng Sasakyang de Motor (Motor Vehicle Dealers Act, 2002, MVDA)*, na ipinatutupad ng Konseho para sa Industriya ng Sasakyang de Motor (Ontario Motor Vehicle Industry Council, OMVIC). Ang mga mangangalakal ay nararapat ding sumunod sa Alituntunin ng mga Etika (Code of Ethics) ng OMVIC.

Itago ang mga rekord at mga kopya ng lahat ng inyong mga kasunduan, mga resibo, mga talaan ng binili, mga tseke at mga ulat ng kard ng kredito.

Kung ikaw ay hindi nakuntento sa kinahinatnan, maaaring may iba pang mga remedyo. Magtungo sa **Hakbang 2**.

### TANDAAN

- Ang mga transaksyon ay nararapat na tumugon sa partikular na mga pamantayan upang maging karapat-dapat para sa kompensasyong pampinansyal.
- Ang iyong claim ay kailangang suportado ng ebidensya**. Isantabi ang detalyadong mga rekord at mga file ng iyong transaksyon**.
- Ang mga claim ay **kailangang isagawa sa loob ng dalawang taon** ng mangangalakal na walang kakayahan o ng pagtangging ibalik ang binayaran ng kustomer.

## Hakbang 2

### Sumangguni sa OMVIC para sa mga impormasyon at tulong

Ang **OMVIC** ay ang tagapangasiwa ng industriya sa pagbebenta ng sasakyang de motor at maaaring **magkaloob ng tulong sa paglutas ng iyong isyu**. Kung ang isyu ay hindi kayang lutasin, maaari kang maging karapat-dapat sa kompensasyong pampinansyal mula sa Pondo para sa Kompensasyon ng mga Mangangalakal ng Sasakyang de Motor (Motor Vehicle Dealers Compensation Fund).

Ang **Pondo para sa Kompensasyon ng mga Mangangalakal ng Sasakyang de Motor (Motor Vehicle Dealers Compensation Fund)** ay itinatag upang magkaloob sa mga karapat-dapat na mamimili ng **kompensasyong pampinansyal para sa pagkalugi** na napala noong bumili ng isang sasakyan mula sa isang mangangalakal na rehistrado sa Ontario.

Kung natugunan mo ang partikular na mga pamantayan at ang mga isyu ay hindi pa nalulutas, magtungo sa **Hakbang 3**.

### OMVIC

**Ang Pondo para sa Kompensasyon ng mga Mangangalakal ng Sasakyang de Motor (Motor Vehicle Dealers Compensation Fund) ay nararapat lamang sa mga transaksyon ng mga mangangalakal na rehistrado sa Ontario at ng mga taong nagbebenta.**

## Hakbang 3

### Ipadala ang isang pakete ng aplikasyon ng claim

Kung ikaw ay mag-aaplay para sa kompensasyong pampinansyal, siguraduhin mo lamang na **kumpletuhin ng tama ang lahat ng mga pormularyo at ibalik ang mga ito na may lagda at naka-notaryo**. Ang kumpleto at tamang mga aplikasyon ay ikukonsidera sa susunod na nakatakdang pagtitipon ng Lupon ng mga Katiwala (Board of Trustees). Ang iyong aplikasyon ay rerepasuhin ng Lupon ng mga Katiwala na kinabibilangan ng mga kinatawan ng industriya at mamimili.

### I-DOWNLOAD

I-download ang pakete ng aplikasyon ng claim mula sa **omvic.on.ca** o **BuyWithConfidence.ca**